

1

“Miguel, ito na iyong pinapatrabaho mo.”

Inilapag ni Jonas ang makapal na envelope sa desk ng binata. Nasa loob sila ng opisina ni Miguel sa hotel na pag-aari niya.

“Salamat, pare. I owe you one,” seryosong sabi niya. Sa kanyang mga mata ay naroon ang kinukubli niyang hindi maipaliwanag na kalungkutan.

Magpinsang-buo sila ni Jonas, magkapatid ang kanilang mga ina. Sa lahat ng mga pinsan niya ay higit siyang malapit sa lalaking kausap niya ngayon..

“Wala iyan, ’insan. Sana ay huwag kang mabibigla sa files na nasa loob.”

Wala kahit anong bagay siyang inililihim sa pinsan niyang ito kaya medyo kinabahan siya sa sinabi nito. Paano kung nahuli na pala siya ng balik?

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Everything you want to know is in that envelope, Migs. Basahin mo na lang. Anyway, I have to go. Hinihintay ako ni Mommy sa bahay. Alam mo naman iyon pag nandito ako sa Baguio, hindi puwedeng

hindi kami sabay mag-lunch.”

“Ikumusta mo na lang ako kay Tita Selina.”

Pagkalabas ni Jonas ng silid ay isinandal ni Miguel ang likod sa kanyang swivel chair. Talagang maaasahan niya ang pinsan.

Si Jonas ang may-ari ng isang kilalang detective agency sa Makati City. Doon ito nakabase pero madalas itong umakyat ng Baguio para dalawin ang mga magulang.

Hinawakan niya nang mahigpit ang envelope, huminga muna siya nang malalim at dahan-dahang iyong binuksan. Inilabas niya ang laman ng malaking sobre. Isang whole-body shot ng isang nakangiting babae ang bumulaga sa kanya. Nakatayo ito sa tabi ng swing sa loob ng isang playground. Nililipad ng hangin ang tuwid at hanggang baywang nitong buhok. Bagay iyon sa heart-shaped nitong mukha. Ang mga mata nito ay light brown at almond-shaped. Her eyes gave the impression of innocence and at the same time a presence of untapped sensuality. Matangos ang ilong nito and she had full red lips that could drive any normal guy crazy.

Hindi napigilan ni Miguel ang sarili. Sinundan ng mga daliri niya ang hugis ng labi ng kaakit-akit

On A Wild Night - Shane Train

na babae sa litrato. Mas lalo itong gumanda kumpara noong huli niya itong nakita.

“Nicola Rose...”

Narinig ni Nicola Rose ang malakas na pagbagsak ng isinarang front door. Nasa kusina siya at nagbe-bake ng paboritong cake ni Angela Rose, ang kanyang apat na taong gulang na anak.

Napatingin siya sa orasan na nakasabit sa dingding; ala una pa lamang ng hapon. Maaga ng kalahating oras ang pagdating ng anak niya ngayon. Binuksan niya ang oven at tinusok ng toothpick ang chocolate cake. Five minutes na lang at ready na ito.

Itinali niya ang mahabang buhok na kulay brown. Walang naniniwala na natural iyon maliban siyempre sa mga kamag-anak niya.

Kahit may anak na, Nicole was still stunningly beautiful. Flawless ang kanyang balat at matangkad siya sa ordinaryong Filipina, she was 5’7”. Nakuha niya ang ganoong height sa side ng daddy niya dahil pulos matatangkad ang mga kamag-anak nito.

She knew she was beautiful but she did not consider this as an advantage nor a disadvantage.

On A Wild Night - Shane Train

Beauty is just what it is. It did not make her a good or bad person. Pero ang karamihan ng tao ay mabilis maghusga at ilang beses na siyang nabiktima niyon.

Narinig niya ang tumatakbong mga yabag ni Angela. Hindi niya napigilan ang ngiti.

“Mommy, I’m home!” masayang sigaw ng humahangos niyang anak.

Sinalubong niya ito ng yakap. “You’re early,” puna niya, pagkatapos ay pinupog ito ng halik. Napuno ng hagikgik nito ang kusina.

Mahaba rin pero kulot ang buhok ni Angel. Ang mga mata naman nito ay bilugan at palaging nangingislap; puno ng buhay at saya. Ang complexion, ilong at mga labi ay nakuha nito sa kanya.

“I finished my exam early. It was easy,” nakangiting sagot nito. “Look, Mommy, Teacher gave me two stars.” Inilahad nito ang dalawang palad kung saan may nakatatak na dalawang nakangiting stars.

Nag-aaral ito ng nursery sa isang private school sa loob ng kanilang subdivision. Gustung-gusto ni Angel ang pumasok sa eskuwelahan, siguro dahil may mga kalaro ito roon na kaedad nito.

Hindi maiwasan ni Nicole na makonsyensya.

On A Wild Night - Shane Train

Nasa bahay lang ang kanyang anak kapag walang pasok; karaniwan ay nanonood ng mga paborito nitong cartoons. Nasasamahan niya itong maglaro sa playground kapag hindi siya masyadong busy, pero nang nakaraang mga linggo ay tambak ang trabaho niya.

Tatlo lang sila sa bahay na nabili niya. Silang mag-ina at si Manang Linda. Si Manang Linda ay dati niyang yaya at ngayon, yaya ni Angel. Mag-iisang taon pa lang sila sa lugar na iyon. Dati ay kapisan sila ng mga magulang niya, pero pinilit niyang bumukod dahil sa sobrang nahihiya na niya sa mga ito. Napakabuti ng daddy at mommy niya. Full support ang ibinigay ng mga ito sa kanya nang malaman na buntis siya kay Angel noon. Siguro kung iba ang naging magulang niya ay itinakwil na siya ng mga ito.

“Where is Manang, sweetheart?” tanong niya sa anak.

“Andito ako, Nicole. Itinabi ko lang ang bag at books ng anak mo.” Pumasok sa kusina ang kanyang hinahanap. Forty-five years old na si Manang Linda, medyo may katabaan pero maliksi pa ring kumilos. Pangalawang ina ang turing niya rito. Sa mga magulang na niya ito tumanda at nang lumipat sila

ni Angel ay sumama ito sa kanya.

“Matatapos na itong bini-bake ko, Manang. After ten minutes ay puwede na nating kainin.”

Lumapit ito at hinawakan si Angel sa kamay. “O, siya, bibihisan ko muna si Angel at magbibihis na rin ako.”

“Yehey, chocolate cake!” Nagtatalon ang bata nang makita sa oven ang bini-bake ng ina.

Napangiti si Nicole. Masayahing bata ang anak niya. Well-adjusted din ito sa buhay nila. Every weekend ay dumadalaw sila sa bahay ng mga magulang niya. Hindi kinukulang si Angel ng male influence sa buhay nila dahil nandiyan ang kanyang daddy at ang kanyang Kuya Mon.

May sariling apartment na ang kuya niya sa Makati, pero every weekend ay nasa bahay rin ito ng mga magulang nila. Ganoon din ang kanyang Ate Rina, kasama nito parati ang dalawang makukulit niyang pamangking lalaki—si Paul at si Pete, at ang asawa nito na si Francis. Ang ate pa lang niya ang may asawa sa kanilang tatlong magkakapatid.

Masaya sa bahay ng mga magulang niya, walang maririnig kundi tawanan at sigawan ng mga bata. Family tradition na nila ito, to have fun together

On A Wild Night - Shane Train

during weekends and to catch up sa mga nangyayari sa mga buhay-buhay nila.

Simula noong mag-aral si Angel ay nag-umpisa na itong magtanong tungkol sa ama nito. At dahil ang anak niya ay mas matalino kaysa sa ibang five-year-olds, sinabi niya rito ang totoo sa abot ng kaya nitong intindihin.

Isang buwan pa lang na nag-aaral noon ang bata, pagkagaling nito sa school ay lumapit kaagad ito sa kanya. She was in her office then. Legal researcher si Nicole sa isang law firm sa Makati. Flexible ang time niya roon kaya hindi siya masyadong nahihirapan sa pagma-manage ng oras. Ang isang room sa bahay nila ay ginawa niyang office. Inuuwi na lang niya sa bahay ang mga kasong kailangan niyang i-research. Sa gabi naman ay nag-aaral siya sa College of Law ng isang prestigious university. Nasa huling taon na siya sa kanyang course at next year ay kukuha na siya ng bar examination pagkatapos niyang mag-review

Umupo si Angel sa kandungan niya at pagkatapos ay seryosong tumingin sa kanya. “Mommy, who is my daddy?”

Bumilis ang tibok ng kanyang puso, matagal na niyang ini-expect ang tanong na ito. Sana lang ay maipaliwanag niya nang mabuti.

On A Wild Night - Shane Train

“Bakit mo tinatanong, baby?” She was buying some time to compose her thoughts.

“Tinanong kami ni Teacher kanina kung ano daw ang work ng mga daddies namin, and I told her Daddy Lolo is a businessman. Sinabi niya Daddy Lolo daw is your daddy, but I told her that Daddy Lolo is also my daddy,” tugon nito, bakas sa mga mata nito ang pagkalito. “Teacher said I have my own daddy. Do I really have one, Mommy?”

Huminga nang malalim si Nicole at iniupo ang anak sa harap niya.

“Yes, baby. You have your own daddy. Ang pangalan niya ay Miguel,” malumanay ang boses na sagot niya.

“Nasaan siya, Mommy? Bakit ang iba kong classmates ay daddy nila ang sumusundo sa kanila sa school? Bakit hindi siya dito nakatira? Ayaw ba niya sa akin?” naluluhang tanong ni Angel.

Parang piniga ang kanyang puso sa nakikitang insecurity ng anak. Tinabihan niya ito at niyakap.

“Huwag na huwag mong iisipin iyan, baby. Sigurado ako na kapag nakita ka ng daddy mo ay sobrang magugustuhan ka niya.” Tumingin siya rito at ngumiti. “Huwag kang malungkot, baby. Kaya lang wala dito ang daddy mo ay hindi niya alam na may

On A Wild Night - Shane Train

Baby Angel siya. Pumunta kasi siya sa States bago ko nalaman na nasa tummy na pala kita. Promise ko sa iyo, pag dumating na siya, ipapakilala kita sa kanya. I'm sure matutuwa iyon pag nalaman niya na may napakaganda siyang baby.”

Pinupog niya ng halik si Angel at kiniliti. Malakas ang tawa ng kanyang munting anghel.

“When will he come home? Can we call him?”

“Baby, listen to me. Hindi ko alam kung kailan uuwi ang daddy mo from the States. Ang promise ko lang sa iyo ay ipapakilala kita sa kanya pag-uwi niya. Is that okay, baby?”

Tumango ang anak niya, nasa mukha ang understanding. “Okay, Mommy.” Niyakap niya nang mahigpit ang paslit. Mayamaya ay kumawala ito sa yakap niya.

“Mommy, what will I tell Teacher and my classmates tomorrow about my daddy’s work?” kunot-noong tanong nito.

“You tell them that your daddy is also a businessman like your Daddy Lolo pero nasa States ang business niya. And tell them that you got your hair and eyes from your daddy.”

On A Wild Night - Shane Train

*Ngumiti si Angel sa kanya at saka tumayo.
“Tkukuwento ko kay Manang ang tungkol sa daddy ko!”*

Tumakbo ito palabas ng office niya.

*Napabuntong-hininga si Nicole nang maalala
iyon.*

Miguel...

*Habang hinahanda ang cake ng anak, hindi niya
namalayang muling naglakbay ang isip niya pabalik
pa sa nakaraan....*

2

November, 2001...

Enrolment noon para sa second semester. Fourth year college na si Nicole sa *UP Baguio*. Mass Communications ang kinukuha niyang course. Nasa upper canteen siya at hinihintay si Mina, ang best friend niya at ang dalawa pa nilang dormmates na sina Cara at Jan. Tatlong taon at kalahati na silang tumutuloy sa dormitory at napagkasunduan nilang apat na sumubok tumira sa labas ng area ng campus bago sila mag-graduate. Wala siyang balak ipaalam ito sa mga magulang niya dahil sobrang mag-aalala ang mga ito sa kanya. Bunso kasi siya. Malabo naman siyang mahuli dahil sa cellphone niya tumatawag ang mga ito at hindi niya ibinigay ang number ng dorm. Hindi rin umaakyat ang mag-asawa, bagkus, siya ang lumuluwas pauwi buwan-buwan.

“Nicole, good news! Sabi ni Ma’am Connie ay may pinapa-rent daw na bahay sa *Cabinet Hill*, kaya ng budget natin,” excited na balita ni Mina pagdating na pagdating nito. Ang tinutukoy nitong ‘Ma’am Connie’ ay ang guidance counselor ng school nila.

“Talaga? Puntahan na natin mamaya,” masayang

On A Wild Night - Shane Train

suhestyon ni Nicole sa tatlong kaibigan.

Simula nang tumira siya sa dormitory ay roommate na niya si Mina. Sina Jan at Cara naman ay tumutuloy sa katabi nilang kuwarto. Pareho sila ng mga gusto ni Mina kaya mabilis silang naging close. Sa panlabas na kaanyuan lang sila malaki ang kaibahan; maikling-maikli ang buhok ni Mina, bagay sa maliit at bilugan nitong mukha samantalang siya ay mahaba ang buhok at heart-shaped ang mukha. Maliit na babae ito and she looked fragile while Nicole was tall. Mina came from a rich Chinese family at mayaman din ang kanyang pamilya. Pareho silang sandamakmak ang manliligaw. Her friend brought out the protective instinct of men while Nicole incited their lust from her looks alone and the way she dressed.

Alam niya na ang reputasyon niya sa campus na malandi at easy-to-get ay ibinase lang sa klase ng kanyang pananamit. She liked *UP Baguio* pero minsan ay fed up na rin siya sa mga taong nasa loob niyon. Maliit lang ang school nila, everybody knew everybody. And everybody was thinking they had the right to discuss other people's business.

Alam ni Nicole na mas madalas kaysa hindi, ay siya ang topic ng mga taong walang magawa. Out

On A Wild Night - Shane Train

of boredom, envy or just out of spite, hindi niya alam kung alin sa tatlo ang dahilan. Playgirl at slut. Iyan ang kanyang reputasyon sa school. Noong una ay sobrang affected siya sa mga naririnig. But after a while ay nasanay na rin siya dahil hindi naman naniniwala ang mga tunay na kaibigan niya.

Alam niya kung sino ang nagsimula ng mga paninirang iyon sa kanya—si Ross, ang first boyfriend niya. Second semester ng freshman year niya nang naging ‘sila’. Walang ligawang nangyari sa kanila. Nagdi-disco sila ni Mina sa favorite hangout ng mga UPians and Ross happened to be there. Lumapit ito sa table nila at nagpakilala and then asked her to dance. Mayabang ang dating ng lalaki but Nicole decided to give him a chance.

Maraming nanligaw sa kanya noong high school siya pero hindi siya nag-boyfriend by choice. Walang appeal sa kanya ang immature boys. Instead, she focused on her studies. Iba ang style ni Ross dahil straightforward ito. Wala man sa plano ang magka-boyfriend siya that very night but only because she felt she was ready to give it a try. What the heck, at least, hindi siya mata-trauma kasi hindi naman siya in love sa lalaki.

Nakikita niya si Ross around campus, madalas

On A Wild Night - Shane Train

ay sa hallway ito nakatambay. He was good-looking, in a boyish way. Bagsak ang buhok nito na hati sa gitna at lampas batok. Matangkad lang ito ng one inch sa kanya.

Hindi na humiwalay si Ross sa kanila ni Mina buong gabi. Panay pagpapatawa ang ginawa nito. Nalaman nilang nasa junior year na ito at Biology ang course.

She discovered that she liked him dahil masaya itong kasama despite sa pagiging self-centered nito. She could live with that kasi for fun lang naman ang magiging relasyon nila. Hindi pa siya handa sa seryosong relasyon.

They went out again the next night, with Mina, of course. She allowed Ross to kiss her goodnight on the cheek on those two nights. On the third day, sinundo siya nito sa classroom after her last class at inayang kumain sa labas. May next class pa si Mina kaya dalawa lang sila ni Ross na lumabas.

After dinner, niyaya siya nito na mag-ikut-ikot. Pumunta sila sa *Camp John Hay*. They drove around. Papalabas na sila roon nang itabi ng nobyo ang kotse sa isang madilim na kalye.

“Bakit tayo tumigil? Is there something wrong with

your car?” bale-walang tanong ni Nicole kahit bahagya na siyang kinakabahan.

“Nothing’s wrong,” nakangiti ito nang may malisya. “I just want to neck with my girl. Hindi ko na palalampasin pa ang pagkakataong ito, walang asong nakabantay sa iyo, eh.” Tinanggal nito ang seatbelt at umusod palapit sa kanya. Tinanggal din nito ang seatbelt niya. Saka lang nag-register kay Nicole ang sinabi nito.

“Are you referring to Mina?” maanghang na tanong niya.

“Bull’s eye!” nakakalokong sagot nito. “Come on, Nicole. Kung hindi dahil sa buntot mo ay baka nakarating na tayo sa langit kahapon pa.” Niyakap siya nito at tinangkang halikan sa labi. Itinulak niya ito nang malakas.

“Get off me, Ross!” sigaw niya. “What’s wrong with you?”

“Don’t pretend you don’t know what I want, Nicole. College ka na, alam mo ang ginagawa ng mag-boyfriend,” inis na sagot nito.

Hinawakan siya nito nang mahigpit sa magkabilang braso at nagsimula na naman sa paghalik. Pilit na iniwas ni Nicole ang labi kaya kung saan-saan

On A Wild Night - Shane Train

tumatama ang halik nito. Nang makabuwelo siya ay sinuntok niya sa ilong si Ross at mabilis na lumabas ng kotse.

“Get back here, Nicole!” sigaw nito habang hawak-hawak ang nasaktang ilong.

“We’re through, Ross. Hindi ka pala mapagkakatiwalaan,” malamig na sabi niya habang patuloy sa paglalakad, sinasabayan siya ng pag-usad ng kotse ng lalaki. Malapit na siya sa gate at natatanaw na niya ang guard. Alam niya, hindi na gagawa pa ng kung anong kabulastugan si Ross.

“Don’t play hard-to-get, Nicole. We both know you’re not,” sarcastic na sabi nito.

Hindi pinansin ng dalaga ang sinabi nito, dumerecho siya palapit sa gate. Narinig niyang nagmura ito at lumabas ng kotse.

“Hindi pa tayo tapos, Nicole. I will be the one to say kung kailan tayo matatapos. Nobody breaks up with me, understand?” nagtatagis ang mga bagang na sabi nito.

“I just did, Ross. Believe it!” Dali-dali siyang lumapit sa guard.

“You’ll regret that for the rest of your life, Nicole,”

On A Wild Night - Shane Train

banta nito bago muling sumakay sa kotse at pinasibad iyon.

Nag-taxi na lang siya pauwi ng dorm at kinuwento kay Mina ang nangyari. As expected, number one na sa hate list ng kaibigan si Ross.

There goes her first relationship. It lasted three days.

At si Ross, ipinagkalat sa buong campus na easy-to-get siya, na siya raw ang klase ng babae na pumapayag to have sex on the first date. Bukod pa roon ay kaya raw sila nag-break ay dahil nalaman ng lalaki na hindi na siya virgin. Marami pang ibang balita na lumabas. Katulad ng sabay-sabay umano siyang magnobyong at kahit kasama ang kasintahan ay nagpi-flirt pa siya sa iba. Nagbingi-bingihan na lang si Nicole sa lahat ng naririnig. Wala siyang pinatulan sa mga iyon.

Hindi niya nabalitaan na nag-graduate si Ross, nawala na lang ito nang sophomore na siya. Pero paminsan-minsan ay dumadalaw pa rin ito sa *UP* and she would make sure na may kasama siyang lalaki kapag dumadaan sa harap nito dahil nakikita niya ang pag-asim ng mukha nito. Hindi pa rin matanggap ng mayabang niyang ex-boyfriend na siya ang nakipag-break dito. Sa kabila ng mga kasinungalingang

On A Wild Night - Shane Train

ipinagkalat nito, alam nito sa sarili ang totoong nangyari.

Nalaman niya na ang reputasyon pala nito sa school ay habulin ng babae. One week lang ang taning na ibinibigay nito sa mga nagiging nobya. Lahat ng naging girlfriend nito ay naikama raw ni Ross. Sampal sa ego nito ang kanyang ginawa. Lalo pa nitong ikinagalit ang pagkakaroon niya ng panibagong boyfriend, five days matapos ang kanilang break-up.

Pero natuto na si Nicole. She never went out with a guy from *UP* after Ross, lahat ng sumunod dito ay nagmula sa ibang paaralan. And she laid down the ground rules sa simula pa lang ng relationship—kissing, yakap, akbay and holding hands were allowed, but more than that was a big no-no. Pag may nagkamaling lumampas sa boundary, break kaagad. Hindi na niya mabilang kung ilan ang naging nobyo niya, ang pinakamatagal ay three months at ang record holder ng pinakamaikli ay si Ross, which was three days.

After ten minutes, dumating na rin sina Cara at Jan. They were both pretty. Parang higante si Nicole pag kasama ang tatlong ito dahil pare-parehong maliliit. Medyo ilang sa kanya sina Jan at Cara dahil sa

On A Wild Night - Shane Train

inaakalang reputasyon niya. Sasama lang ang dalawa sa kanila ni Mina dahil hindi kaya ng budget ng mga ito na mag-rent ng bahay on their own. Kinausap ng dalawa si Mina and they insisted na hindi puwedeng magpa-overnight sa mga boyfriends dahil naaasiwa umano ang mga ito sa ganoon. Natawa lang si Nicole nang sabihin ni Mina sa kanya ang tungkol doon.

If they only knew... Baka nga mas inosente pa siya sa dalawang iyon dahil parehong may steady boyfriends ang mga ito since high school. Walang boyfriend si Mina, but she was dating. Siya naman ay kabe-break lang sa last boyfriend niya, sobrang bored na kasi siya rito. She decided that she would try to have a serious relationship next time. Alam niya na matatagalang mangyari ito and she welcomed the break from all guys. Friends lang ang kailangan niya ngayon.

“Nicole, may four bedrooms daw iyong house at two bathrooms,” excited na sabi ni Jan.

“At wala daw problema sa tubig kasi may malaking tangke sa likuran,” singit naman ni Cara.

“Magkano naman ang renta? Ilang months ang advance deposit?” excited ding tanong niya. She could not wait to have her own room. Pareho-pareho sila na hindi sanay na may kasama sa silid, pero dahil

nasa dorm sila ay natuto silang mag-adjust.

“Four thousand! One month advance at one month deposit lang!” Si Mina ang sumagot at sabay-sabay silang tumili.

“Pumunta na tayo doon pagkatapos nating kumain. Hindi ko na kaya ang suspense, gusto ko nang makita ang ating soon-to-be house,” atat na sabi ni Cara.

“A certain Mr. Agustin daw ang kakausap sa atin, iyon daw ang hanapin natin sabi ni Ma’am Connie,” pahabol ni Mina.

Pagkalipas ng kalahating oras ay nasa harap na sila ng green gate at nagdo-doorbell. Kita nila mula roon ang circular driveway kung saan may dalawang kotseng nakagarahe. Malapit sa gate ang isang newly-painted bungalow, mukhang guest house iyon. Sa tapat ng driveway ay may malaking three-storey house.

Isang matandang lalaki na bumaba mula sa malaking bahay ang lumapit sa kanila, may dalang maraming susi na nakakabit sa isang malaking key ring.

“Ano ang maipaglilingkod ko sa inyo, mga ading?” nakangiting tanong nito, halos wala na itong ngipin.

On A Wild Night - Shane Train

“Nandiyan po ba si Mr. Agustin? Titingnan po sana namin ang pinarerenta niyang bahay, Manong. Pinapunta po kami dito ni Ma’am Connie,” magalang na sagot ni Mina.

“Ah, oo. Itinawag na kanina ni Miss Connie kay Sir na darating nga kayo. Pasok kayo, mga ading, at ipapakita ko muna sa inyo ang bahay. Ako nga pala si Mang Fred.”

Binuksan nito ang gate at sinamahan sila papunta sa bungalow. Maganda ang loob ng bahay. Nasa bungad ang sala at sa kanang bahagi ay ang kitchen. Sa kaliwa naman ay ang mga kuwarto. Sa pagitan ng dalawang silid ay isang bathroom, ganoon din sa pagitan ng dalawa pa. Katamtaman ang laki niyon pero kumpara sa rooms nila sa dorm ay malaki na ito. Furnished ang bahay; may sala set, refrigerator, stove at microwave oven plus, may mga kama na rin sa mga silid. Nagkatinginan ang magkakaibigan at pare-parehong napangiti. Suwerte nila; mura ang presyo nito para sa isang fully-furnished na bahay.

“Kung tapos na kayong tumingin ay dadalhin ko na kayo sa malaking bahay para makausap ninyo si Sir,” sabi ng matanda lalaki sa kanila.

May shortcut pala sa likod ng bungalow papunta sa malaking bahay kaya hindi sila masyadong

On A Wild Night - Shane Train

napagod sa pag-akyat. Marangya ang loob ng three-storey house. Panay mamahalin ang appliances at ang mga dekorasyon. Gayunpaman, hindi homey ang dating niyon dahil nagmistulang display area sa mga malls. Dinalhan sila ni Mang Fred ng juice at cookies at saka nagpaalam na sasabihin umano sa amo na naroon na sila. Umakyat ito sa second floor.

Nang mawala sa paningin nila ang matanda ay sabay-sabay silang nagsalita.

“Go na go na ako, girls!”

“In love na ako sa bahay na iyon!”

“I like it, let’s take it!”

“Wow na wow! Di na ’ko makahintay na lumipat!”

Nagplano na ang tatlo pero si Nicole ay iginala ang mga mata sa paligid. Parang napakalungkot ng bahay sa kabila ng karangyaan nito. Maliit lang nang kaunti ang bahay nila rito, pero pagpasok pa lang sa gate ay mararamdaman na ang warmth na nagmumula sa loob niyon. She had a secured childhood. Sagana siya sa pagmamahal mula sa mga magulang at mga kapatid. Habang nagmumuni-muni siya kung anong klaseng childhood ang na-experience ng mga batang lumaki sa napakalaking bahay na iyon ay bumangga ang tingin niya sa misteryosong mga

On A Wild Night - Shane Train

mata ng isang lalaking bumababa ng hagdanan. Titig na titig ito sa kanya.

Bumilis ang tibok ng puso niya. Kahit ano ang kanyang gawin ay hindi niya mabawi ang tingin sa mukha ng lalaki. Matangos ang ilong nito at ang mga labi... sinful! Iyon lang ang description na naisip niya. Parang ang tanging purpose ng mga labing iyon ay for kissing. May kung anong init siyang naramdaman sa kanyang tiyan.

Kulot ang maiksing buhok nito. He had too much animal appeal. Umilaw ang danger signal sa utak ni Nicole na mapanganib ang lalaking ito. Pinilit niyang ibaba ang tingin at ang tumambad sa kanya ay ang malalapad nitong balikat. Hindi body-fit ang t-shirt nito, ngunit mababakas ang magandang katawan na tinatakpan niyon. Nakasuot ito ng fit na blue jeans.

Whew, he's so gorgeous!

Hinulaan niya ang edad nito, marahil ay nasa pagitan ng twenty-six at twenty-eight.

Tumaas ang kilay nito, namula siya. Saka pa lang nito nagawang ilipat ang tingin.

“Good afternoon, ladies. I’m Miguel Agustin. Tita Connie told me you are interested in renting our guest house,” bati nito sa apat na dalaga.

On A Wild Night - Shane Train

My God, what a seductive voice! Tiningnan ni Nicole ang reaksiyon ng tatlong kasama; kapareho rin iyon ng reaksiyon niya kanina. Nabawasan ang kanyang pagkapahiya. Isa-isa silang tiningnan ni Miguel, pagkatapos ay bumalik sa kanya ang mga mata nito. Pinaalalahanan niya ang sarili para huwag mataranta.

Tumayo silang apat at nag-good afternoon dito.

“Yes, we are interested, Mr. Agustin. It’s a beautiful house. By the way, I’m Nicole. These are my friends; Mina, Cara and Jan.” Nagulat ang dalaga dahil lumabas na kalmado ang boses niya. Kinamayan sila nito, inuna si Jan at siya ang huli. Bumilog ang mga mata niya nang maramdaman ang parang kuryenteng gumapang pataas ng braso niya nang magdikit ang mga palad nila ni Miguel. Gayunman, wala siyang mabasang reaksiyon sa mga mata nito. Humarap ito kay Cara.

“If you ladies like the house, I will give a copy of the contract of lease. Look it over, and if you have questions, just ask me. Manong Fred will bring it here. Excuse me, I will be back shortly.”

Hindi niya inaasahan ang kalamigan na naramdaman niya sa lalaki; sigurado siyang sa kanya directed iyon dahil ngumiti ito nang humarap kay

Cara.

“Grabe, pakipulot ng panty ko. Nalaglag yata nang hindi ko namamalayan,” pagbibiro ni Jan.

“Shh! ’Andyan na si Manong,” saway niya rito kahit sa loob-loob niya ay parang siya dapat ang nagsabi niyon. Nararamdaman pa niya ang kuryenteng dumaloy sa katawan niya kanina.

Unfair! himagsik ng isip niya. Bakit ganoon na lang ang epekto sa kanya ng Miguel na iyon samantalang wala man lang itong reaksiyon sa kanya. Lahat ng lalaking nakakilala niya ay hindi maitago ang paghanga sa mga mata, samantalang parang invisible ang pakiramdam ni Nicole kapag tiningnan siya ni Miguel.

Great! sarcastic na sabi niya sa sarili. She was in danger of falling for a man who made her feel totally unattractive.

Wala silang naging problema sa lease contract nang mabasa nila iyon, malinaw naman ang nakasaad doon. Sandali lang nawala si Miguel. Ramdam kaagad ni Nicole ang presence nito dahil nagrigidon na naman ang puso niya.

“If you have no questions, I will need your full names, name and address of the person I can contact

On A Wild Night - Shane Train

in case of emergency.” Inabutan sila nito ng tig-iisang index card.

“Can we move in today, Mr. Agustin?” tanong ni Cara at nagpapungay pa ito ng mga mata.

Ngumiti ang lalaki. “Call me ‘Miguel,’ and yes, you can move in any time. Be here at nine tomorrow morning. All of you because we will sign the contract.”

Ngumiti ulit ito sa general direction nilang apat at napigil ni Nicole ang paghinga. Kung kanina ay gorgeous lang ito, kapag ngumiti ay devastating na ang dating nito.

“I’m afraid I need to go; I have an appointment in twenty minutes. Ask Manong Fred if you need anything. I’ll see you tomorrow. Good day, ladies.”

Saka pa lang nakahinga si Nicole nang mawala si Miguel sa paningin niya. Oh, my! The man was charming.

3

Sa kasalukuyan....

Nanghihinang nabitawan ni Miguel ang report at pictures na hawak.

I have a five-year-old daughter! Samu't saring emosyon ang naramdaman niya. Panghihinayang at galit ang nangingibabaw dahil apat na taon ng buhay ng anak niya ang ipinagkait sa kanya ni Nicole. Ni hindi man lang niya nakita na buntis ang babaeng hanggang ngayon ay hindi niya malimutan.

Tumiim ang mga bagang niya. Humanda ka, Nicola Rose! Ngayong alam ko nang may anak ako sa 'yo, hindi na ako papayag na ipagkait mo pa rin sa akin ang responsibilidad ko bilang ama ni Angela! Lalong hindi na ako papayag na hindi tayo magsama-sama bilang isang pamilya!

Sinamsam muna niya ang mga litrato at mga papel bago ibinalik sa envelope. Inilagay niya iyon sa briefcase. Pagkatapos, tinawagan niya ang pinsan at sinabihang magkita sila muli mamayang gabi.

At nagkita nga sila ni Jonas nang gabing iyon. Ibinilin niya rito ang hotel. Wala man kaalam-alam

On A Wild Night - Shane Train

ang pinsan sa pagpapatakbo ng ganoong negosyo, pumayag na rin ito dahil magiging katulong nito ang napaka-efficient secretary ni Miguel.

Nag-inat si Nicole pagkatapos ay tumingin sa orasan sa bedside table niya; alas nueve. Sabado nang araw na iyon, wala siyang pasok. At mamayang gabi pa ang punta nila sa bahay ng mga magulang. Tinatamad pa siyang bumangon, alam niya na kumain na ang anak at naglalaro na ito sa sala o kaya ay nasa labas ng bahay kasama si Manang Linda. Ganoon ang set-up nila—mga ganitong oras ang gising niya kapag weekend para makabawi ang katawan niya sa isang linggong pagod.

Tumayo siya para makapaghilamos at mag-toothbrush sa bathroom na nasa loob din ng kanyang kuwarto. Pagkalabas ng banyo ay sinuklay niya ang mahabang buhok at bumaba nang hindi nagpapalit ng pinantulog na damit. Suot pa rin niya ang satin short shorts at spaghetti-strapped blouse. Nasanay na siyang pagkakain na ng agahan, saka lang maliligo at magbibihis.

Narinig niya ang boses ng anak sa loob ng office niya. Ano kaya ang ginagawa nito doon? Dahan-dahan niyang binuksan ang pinto para gulatin ito.

Nakatalikod sa kanya si Angel, hawak nito ang photo album ng pictures niya noong nanganak siya rito. Maingat na isinara niya ang pinto.

“Ano’ng ginagawa mo?” Pinalaki niya ang boses.

Napasigaw sa gulat ang paslit. “Mommy naman, eh!” reklamo nito.

Tumawa siya sa reaksiyon ng anak. “Ano nga ang ginagawa ng baby ko dito? Akala ko naglalaro ka sa sala o kaya ay nanonood ng *Barney*.” Lumakad siya palapit dito.

“Ipinapakita ko kay—”

“Hello, Nicola Rose.”

Tumayo ang lalaking nakaupo sa swivel chair niya. Hindi niya napansin na may ibang tao roon dahil nakatutok ang atensyon niya sa anak.

“M-Miguel...” di-makapaniwalang sabi ni Nicole. *Oh, my God!* Hindi niya napigilan ang mga mata, sabik na pinagmasdan niya ang kabuuan ng kaharap.

Limang taon na ang nakalipas pero hindi pa rin nagbago ang epekto ni Miguel sa kanya. Pinigil niya ang pangingin ng katawan. Blangko ang ekspresyon sa mukha nito. Naglalakbay rin ang mga mata nito sa kabuuan niya hanggang magtama ang kanilang mga

mata. Nakita niya ang tinitimping galit doon.

“Hindi mo ba ako bibigyan ng proper welcome?”

Mabilis itong nakalapit sa kanya at ikinulong ang katawan niya sa mala-bakal nitong mga braso. Tumagos sa manipis niyang pantulog ang init na nagmumula sa katawan ng lalaki. Para siyang kinuryente. Hindi niya napigilan ang reaksiyon ng katawan, she felt her breast swelled nang mapadikit iyon sa dibdib nito. Iniiwas niya ang paningin at tumama ito sa mukha ng anak. Nakatingin ito sa kanila at nakangiti.

“Angel...”

Sinundan ni Miguel ang tingin niya at nakita niyang nginitian nito ang bata. Malakas ang dating nito pero kapag ngumiti ay mas grabe ang epekto niyon sa kanya. Nanghina ang mga tuhod niya. Ang mga kamay niyang kanina ay tumutulak sa dibdib ng binata ay napakapit sa mga balikat nito.

“Sweetheart, go to your yaya muna. We will look at your pictures together later, okay? Kakausapin ko lang ang mommy mo,” malambing na sabi ni Miguel sa anak.

“Okay.”

On A Wild Night - Shane Train

Mabilis na lumabas ng silid ang musmos. Lumakas ang kaba ni Nicole. Kailangan niya ang presence ng anak; doon sana siya kukuha ng lakas ng loob, pero dahil likas na masunurin si Angel kaya lumabas kaagad ito.

“So, where were we?” narinig niyang tanong ni Miguel.

“Miguel, let me go,” pakiusap niya.

“Not until you give me the welcome I deserve.”

Marahas nitong inangkin ang mga labi niya... nagpaparusa. Nalalasaan niya halos doon ang galit nito. Pinilit niyang lumaban pero malakas si Miguel.

Not like this! sigaw ng isip niya. Naubos ang lakas niya pero patuloy pa rin ito sa mabangis na paghalik sa kanya. Tumulo ang luha niya. Alam niyang naramdaman nito iyon dahil biglang gumaan ang paraan nito ng paghalik; sumusuyo, mainit, puno ng pananabik. Hindi niya napigilan ang sarili na tumugon. Ang mga braso ay parang may sariling isip na yumakap sa leeg ng lalaki. Nabuhay ang init sa kanyang katawan.

My God! It's been so long.

Naramdaman niyang sumayad ang kanyang

likod sa makapal na carpet ng office niya. Dumagan ang buong bigat nito sa katawan niya. Hindi niya namalayang naihiga na pala siya ni Miguel. Saka pa lang siya natauhan.

“No!”

“Yes! You don’t know how much I need this! How much I need you!” mariing sabi nito.

“No, Miguel, please. This is wrong. Anytime ay puwedeng pumasok si Angel o si Manang Linda.” Pinilit niyang umalis mula sa ilalim ng lalaki at hinayaan naman siya nito. Bumangon ito at inalalayan siyang tumayo.

“Let’s go to your room!” matigas na saad nito.

“No!” mahina pero galit na turan niya. “What do you think you’re doing? Wala kang karapatan na gawin ang mga ginawa mo! And why are you here? Paano mo nalaman kung saan ang bahay ko?”

Tumiim ang mga bagang nito. “I have ways. Don’t talk to me about rights dahil marami kang ipinagkait na karapatan ko!” Natigilan siya. Hindi nito inalis ang pagkakatitig sa kanya. “I’m giving you two choices: it’s either we go to your room or I’ll make love to you right here and right now!”

On A Wild Night - Shane Train

Nalito si Nicole. Sa pagkakakilala niya kay Miguel, basta sinabi nito ay gagawin nito. Humakbang ito palapit sa kanya.

“Okay, okay! Pero mag-uusap lang tayo. Huwag mong pababain ang pagkatao ko,” naghihimagsik ang kalooban na tugon niya.

Kita niya ang pagtindi ng galit sa mga mata ni Miguel pagkatapos ay muling naging blangko ang ekspresyon nito. Binuksan nito ang pinto ng opisina niya at pinauna siyang lumabas. Nakasalubong nila si Manang Linda.

“Mabuti at gising ka na! Kanina pa dito iyang si Miguel. Naku! Gulat na gulat ako nang mapagbuksan ko iyan kaninang umaga. Napakagandang sorpresa! Tuwang-tuwa si Angel at nakita na rin niya ang daddy niya!”

Nakangiti sa matanda ang binatang katabi niya. Shock naman ang naramdaman ni Nicole. Alam ni Miguel na ito ang ama ni Angel? Paano nito nalaman? *My God, ano ang gagawin ko?*

Parang sasabog ang ulo niya sa kaiisip ng implication ng pagdating ng dating nobyo at ang mga komplikasyon na haharapin niya dahil doon. Pinilit niyang ngumiti rin sa matandang kasambahay dahil

On A Wild Night - Shane Train

halatang kilig na kilig ito pagkakita sa kanila.

“Manang, puwede bang dalhin n’yo muna si Angel sa *Jollibee* sa kanto. Paglaruin n’yo muna siya at doon na rin kayo mag-lunch. Mag-uusap lang kami ni Miguel.”

“Ay, oo ba! Alam ko naman na sabik na sabik na kayo sa isa’t isa,” may panunudyong sabi pa nito sa kanya.

“Tama kayo diyan, Manang,” sagot ni Miguel na umakbay pa sa kanya. “Mag-enjoy kayo doon ng baby ko”

Muling rumagasa sa balintataw ni Nicole ang mga alaala ng nakaraan.